Katotohanan [ang Sinabi nilang dalawa],Tunay na sila ay pinaparusahan ng parusang naririnig ng lahat ng mga hayop

Ayon kay 'Āishah malugod si Allah sa kanya-siya ay Nagsabi:Pumasok sa akin ang dalawang matanda mula sa mga matatandang Hudyo sa Madinah,Nagsabi silang dalawa sa akin:Tunay na ang mga tao sa libingan ay pinaparusahan sa libingan nila,pina-sinungalingan ko silang dalawa, at hindi ako naging mabuti [upang]paniwalaan ko silang dalawa, lumabas silang dalawa,At pumasok sa akin ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,Sinabi ko sa kanya:Tunay na ang dalawang matanda, at binanggit ko ito sa kanya, Ang sabi niya:((Katotohanan [ang Sinabi nilang dalawa],Tunay na sila ay pinaparusahan ng parusang naririnig ng lahat ng mga hayop)) Wala akong nakita pagkatapos nito sa pagdarasal niya, maliban sa pagpapakupkop [kay Allah] mula sa kaparusahan sa libingan.

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Pumasok kay `Aishah malugod si Allah sa kanya-ang dalawang babaing matanda mula sa Hudyo sa Madina,Ang sabi nilang dalawa sa kanya: Tunay na ang mga patay ay pinaparusahan sa loob ng libingan nila,pinagsinungaling niya sila at hindi niya inibig na paniwalaan silang dalawa,Dahil hindi pa naging mabuti ang pakiramdam niya rito,dahil sa mga nakitang kasinungalingan ng mga Hudyo,at pag-iimbento nila sa Relihiyon,at pagbibigay ng maling kahulugan sa Aklat,kaya Lumabas silang dalawa mula kay `Aishah,at pumasok sa kanya ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Sinabi niya sa kanya ang sinabi ng dalawang babaing Hudyo,Ang sabi niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan;Nagsasabi silang ng katotohanan,Tunay na ang mga patay ay pinaparusahan ng parusang naririnig ng lahat ng mga hayop,At sinabi ni `Aishah na hindi niya nakita ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-pagkatapos nito,maliban sa siya ay nagpapakupkop mula sa kaparusahan sa libingan.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/11206